

Sama-samang Pahayag ng Lipunang Sibil sa Paninindigan ng Konseho sa Panukalang Regulasyon sa Pagpapabalik

Disyembre 2025

Kami, ang mga organisasyong lipunang sibil mula sa iba't ibang panig ng Europa na lumagda sa ibaba, ay nagpapahayag ng aming lubos na pagkabahala tungkol sa kasalukuyang direksyon na pinatutunguhan ng mga talakayan sa panukala para sa isang Regulasyon sa Pagpapabalik sa Konseho ng European Union. Ang teksto ng kompromiso na inihanda ng Panguluhang Danish, na sumasalamin sa mga susog at posisyong isinulong ng ilang Estadong Miyembro, ay kumakatawan sa isang malubha at walang kapantay na pagkasira ng mga pananggalang, ligal na proteksyon, at mga pangunahing pamantayan ng karapatan sa loob ng patakaran sa pagpapabalik ng EU at ng mas malawak na balangkas ng batas.

Mula sa simula, ang panukala ng European Commission ay nagmarka na ng isang makabuluhang hakbang paatras sa pamamagitan ng pagpapahina ng mga pananggalang, pagpapakilala ng mas maraming parusang hakbang, at higit pang pagpapaliit ng espasyo para sa mga pamamaraang nakabatay sa karapatan sa loob ng balangkas ng pagpapabalik ng EU. Ang mga institusyon at kapwa mambabatas ng EU ay may pagkakataong tugunan ang mga pagkukulang na ito at gumawa ng mas nakabatay sa karapatan na pamamaraan sa panahon ng negosasyon. Gayunpaman, para sa karamihan ng mga Estadong Miyembro, ang mga iminungkahing pagbabago ay hindi sapat. Nababahalang kami na ang mga Estadong Miyembro ay sistematikong pinahihina at, sa ilang mga kaso, ganap na inaalis ang mga limitadong pananggalang na nakapaloob sa panukala. Sa halip na palakasin ang mga obligasyon ng EU sa karapatang pantao, ang Konseho ay nagtataguyod ng mga probisyon na:

- **Magpapataas ng panganib ng walang katiyakang detensyon** sa pamamagitan ng pagpapalawak ng saklaw ng detensyon habang pinatatagal ang panahon ng detensyon na lampas sa iminungkahing 24 na buwan ng Komisyon na may karagdagang anim na buwang palugit, at higit pa sa kasalukuyang 18-buwang limitasyon. Mas mahalaga, ang pinakamahabang panahon ng detensyon ay maaaring ilapat nang hiwalay sa bawat Estadong Miyembro. Ito ay maaaring magresulta sa mga indibidwal na nakakulong nang walang katiyakan sa mga Estadong Miyembro, na higit pa sa kinakailangan, hindi proporsyonal o labag sa batas ng EU at ng mga korte sa Europa.
- **Magpapahina ng epektibong lunas at proteksyon laban sa pagpapaalis tungo sa mas malubhang panganib o refoulement** sa pamamagitan ng pagpapahina ng makabuluhan at indibidwal na mga pagtatasa ng hindi refoulement dahil nagpapakilala ito ng maraming eksepsiyon at pag-alis ng mga pagtatasa ng ex officio review. Ang panukala ay may karagdagang paghihigpit sa epektong papapatigil ng mga apela at nag-aalis ng pinakamababang panahon kung saan maaaring maghain ng apela ang mga mamamayan ng mahihirap na bansa na ang ibig sabihin ay maaaring i-deport ang mga tao bago pa man sila magkaroon ng pagkakataong hamunin ang desisyon o gumamit ng isang epektibong lunas.
- **Lubhang nagpapabigat ng pasanin ng patunay at saklaw ng mga obligasyon** na

ipinapataw sa mga mamamayan ng mahihirap na bansa upang ipakita ang kooperasyon sa panahon ng proseso ng pagpapabalik. Kung ipatutupad, makakaapekto ito sa halos lahat ng mga indibidwal na nasa mga sitwasyon ng iregularidad, kabilang ang mga obligasyon na lampas sa kanilang makatwirang kontrol, halimbawa, kawalan ng tirahan o kawalan ng maaasahang address, na kalagayan ng maraming naghahanap ng asylum. Ang mga hinuhusgahang hindi sumusunod ay maaaring maharap sa matinding parusa, kabilang ang detensyon, kriminal at pinansyal na mga parusa.

- **Pinahihina ang isang karaniwang sistema ng pagbabalik** sa pamamagitan ng pagpapakilala ng maraming kalagayan para gumamit ng pambansang batas ang mga Estadong Miyembro, kabilang ang mga batayan para sa detensyon, mga obligasyon na makipagtulungan, at mga parusa sa pananalapi, na nanganganib na pahinain ang ligal na katiyakan, pagkakapare-pareho, at ang magkakaugnay na aplikasyon ng mga patakaran sa pagpapabalik ng EU.

- **Pinananatili ang posibilidad na magtatag ng mga deportation center (“mga return hub”)** sa batas ng EU, sa kabila ng mga malubhang panganib sa karapatang pantao na kaakibat nito at lumalabag sa mga pangunahing prinsipyo ng internasyonal na batas, tulad ng mga pagbabawal sa refoulement o arbitraryong detensyon.

Ang mga isyung itinampok sa itaas ay ilan lamang sa mga halimbawa ng maraming nakababahalang bagay na kasalukuyang tinatalakay ng mga Estadong Miyembro. Ang ilan sa mga pagbabagong ito ay salungat sa mga pangunahing karapatang ginagarantiyahan sa pangunahing batas ng EU, kabilang ang Charter of Fundamental Rights, pati na rin ang umuusbong na proseso at batas ng CJEU at ECtHR. Nanganganib din ang mga ito na lumikha ng mga makabuluhang ligal na hamon pagkatapos ng pagpapatupad, na lumilikha ng mga kumplikasyon, nagpapalala ng magkakaibang pamantayan sa pagitan ng mga Estadong Miyembro at naglalagay ng karagdagang pasanin sa sistema ng hukuman.

Lubos kaming nag-aalala na ang mga talakayan ng Konseho ay nagpapakita ng pagsasawalang-bahala sa kaligtasan, dangal, at mga karapatan ng mga tao, at bigo ito sa pagtaguyod ng mga pangunahing pagpapahalaga ng EU. Sa halip na bumuo ng isang patas, makabuluhan, at makataong sistema ng pagpapabalik, ang mga Estadong Miyembro ay nagsusulong ng isang paraan ng makitid na pagpaparusa, na lalong nakatuon sa pagpasa ng mga responsibilidad sa mga bansang nasa labas ng Europa, at inuuna ang sapilitang pagpapalayas kaysa boluntaryong pag-alis. Ang katuwiran na ang mas mahigpit na mga patakaran, mapilit na mga hakbang, walang katiyakang detensyon, at mas mahihinang mga pananggalang ay magpapataas ng dami ng pagpapabalik ay kapwa mali at walang batayan sa karanasan. Ang mga sistema ng pagpapabalik na sumusunod sa mga karapatan ay nakasalalay sa tiwala, patas na mga pamamaraan, marangal na pagkikitungo, at kapani-paniwalang mga landas ng proteksyon. Ang isang arbitraryo, maparusa, o hindi ligtas na pamamaraan ay magtutulak lamang sa mga tao sa iregularidad, kahirapan, babawas sa kooperasyon, at sisira sa mismong mga layunin sa pagpapabalik na sinasabi ng mga Estadong Miyembro na kanilang sinusulong.

Hinihimok namin ang mga institusyon at Estadong Miyembro ng EU na:

- ✓ **Iwasan ang labis at mapaminsalang pagtuon** sa dami at bilis ng pagpapabalik bilang tanging pamantayan ng bisa ng mga patakaran sa pagpapabalik at sa halip ay bumuo ng isang pamamaraan na nakatuon sa pagpapanatili at pagsunod sa mga karapatan ng pagpapabalik at diin sa proteksyon, mga ligal na landas, at mga hakbang sa integrasyon.
- ✓ **Unahin ang marangal, ligtas, at pangmatagalang paraan ng pagpapabalik**, na nakabatay sa suporta sa reintegrasyon, kusang pagbabalik, at paggalang sa mga karapatang pantao at dignidad sa halip na sapilitang pagpapalayas.
- ✓ **Ibalik at palakasin ang mga pangunahing pananggalang sa karapatan** sa panukala ng Return Regulation, kabilang ang matatag na mga pagtatasa ng hindi refoulement, mga epektibong remedyo na may awtomatikong suspensive effect, at mahigpit na mga limitasyon sa detensyon upang manatili itong isang hakbang ng huling paraan, napapailalim sa mahigpit na proporsyonalidad at mga natatanging pangangailangan at ilalapat sa pinakamaikling posibleng panahon.
- ✓ **Tiyakin ang ligal na katiyakan at pagsunod sa batas ng EU at internasyonal**, kabilang ang proseso at batas ng Court of Justice ng European Union (CJEU) at ng European Court of Human Rights (ECHR).

Habang papasok na sa huling yugto ang mga negosasyon, nananawagan kami sa mga Estadong Miyembro na muling isaalang-alang ang kasalukuyang direksyon ng mga negosasyon at panindigan ang pangako ng EU sa karapatang pantao, pagsunod sa batas, at dignidad para sa lahat. Ang isang sistema ng pagpapabalik na hindi isinasaalang-alang ang mga pangunahing karapatan ay hindi lamang labag sa batas, ito ay hindi magagamit, hindi mapapanatili, at hindi tugma sa mga patakaran at pagpapahalagang pinagbabatayan ng European Union.

Listahan ng mga lumagda:

Africa Solidarity Centre Ireland (ASCI)
ASGI
AWO Bundesverband e.V.
BRD-Sweden
Caritas Europa
Center for Legal Aid " Voice in Bulgaria
Centre for Peace Studies, Croatia
Churches' Commission for Migrants in Europe (CCME)
Collectif de sauvegarde de la LADDH
Comisión Española de Ayuda al Refugiado (CEAR)
Community Rights in Greece
Croatian Law Centre
Danish Refugee Council (DRC)
Diakonie Deutschland
Dutch Council for Refugees
ECRE

EGCSO European-Global Civil Society Organization
EuroMed Rights
European-Global Civil Society Organization
Extranjeristas en Red
FARR, the Swedish Network of Refugee Support Groups
FEANTSA (European Federation of National Organisations Working with the Homeless)
Female Fellows e.V
Finnish Refugee Advice Centre
Forum réfugiés
France terre d'asile
Greek Committee for International Democratic Solidarity
Greek Council for Refugees (GCR)
Greek Forum of Refugees
Gruppo Melitea
HIAS Greece
Human Rights Legal Project
Human Rights Watch
ICMC Europe
IRC - International Rescue Committee
Italian Council for Refugees
Italiani Senza Cittadinanza
Jesuit Refugee Service (JRS) Europe
JRS Belgium
JRS Croatia
Karama - Collective Solidarity
Klikaktiv
Macedonian Young Lawyers Association
Mediterranea Bruxelles
Mesdhe
Migr/Azioni
Migrante Netherlands
Migration Inc.
Migration Policy Group - MPG
Ocalenie Foundation
Oxfam
Palestina e lire
Passerell
Pinay sa Holland-GABRIELA
Portuguese Refugee Council (CPR)
PRO ASYL National Working Group on Refugees
Right to Protection Charitable Foundation
Safe Passage International
Schweizerische Flüchtlingshilfe
Support Group Network (SGN)

Swedish Refugee Law Center

Symbiosis-Council of Europe School of Political Studies in Greece

The Palestinian Human Rights Organization - PHRO

Vluchtelingenwerk Vlaanderen

WeMove Europe

80:20 Educating and Acting for a Better World